

Paano Kayo Makakatulong

Mga Opsyon para Makatulong sa mga Taong Nasa Hustong Gulang na
Wala nang Kakayahang Pamahalaan ang Kanilang Sariling Pinansyal at
Legal na Gawain

Talaan ng mga Nilalaman

A. Panimula	1
B. Mga Impormal na Opsyon	3
C. Mga Opsyon sa Personal na Pagpaplano	5
C1. Pangmatagalan na Power of Attorney	6
C2. Kasunduang Maging Kinatawan para sa Pangangasiwa ng mga Karaniwang Gawaing Pinansyal	9
D. Iba pang mga Legal na Opsyon	13
D1. Federal Government Pension trustee	14
D2. Committee of Estate	15
E. Kung Mayroon Kayong mga Pag-aalala Tungkol sa Pang-aabuso, Pagpapabayâ o Sariling Kapabayaan	18
Helpful Links	19
Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee	21

A. Panimula

Ang **Public Guardian and Trustee (PGT)** ay nagtatrabaho alinsunod sa batas ng probinsya upang maprotektahan ang kapakanan ng mga taong hindi kayang maprotektahan ang kanilang sarili, kabilang ang mga bata na mababa sa 19 taon gulang, mga nasa hustong gulang na ngunit nangangailangan ng tulong sa paggawa ng desisyon, ang mga pumanaw na at mga taong nawawala.

Bawat taon, maraming ang tumatawag sa PGT upang malaman kung ano ang magagawa nila upang matulungan ang mga nasa hustong gulang na wala nang kakayahang pangasiwaan ang kanilang mga pinansyal at legal na gawain.

Habang ang PGT ay maaaring magsagawa ng mga hakbang upang makatulong, ang pinakamahusay na pagmumulan ng pag-aaruga at mabuting pagdamay ay ang mga pamilya at mga kaibigan.

Ipinapaliwanag ng patnubay na ito ang mga available na opsyon para sa adults o nasa hustong gulang sa British Columbia.

Umaasa kami na masasagot nito ang karamihan ng inyong mga katanungan at makakatulong sa inyong magplano ng isang ligtas, tiyak at matibay na hinaharap kasama at para sa isang tao na nangangailangan ng tulong.

Kung kailangan ninyo ng impormasyon tungkol sa kung paano makagagawa ng mga personal at health care na desisyon para sa isang taong nasa hustong gulang (kasama ang mga desisyon sa pag-admit sa facility), tingnan ang **Consent to Health Care at Care Facility Admission and the Role of the PGT**.

Mga Opsyon para sa Pamamahala ng mga Pinansyal na Gawain

Ang mga nasa hustong gulang na nahihirapang pangasiwaan ang kanilang sariling mga pinansyal at legal na gawain ay madaling pagsamantalahan sa ating lipunan.

Ang pangkaraniwang gawaing pagbabanko at mga legal na bagay ay maaaring maging mahirap o hindi pwedeng mangyari.

Maaaring mawala sa kanilang pagsubaybay ang kanilang mga bank account, makalimutan ang magbayad ng mga bills o madaling mahikayat na ibigay ang ari-arian sa mga hindi kakilala.

Minsan ang tulong ay hindi kinakailangan ngayon ngunit maaaring nag-aalala ang mga nasa hustong gulang na ang tulong ay kakailanganin sa hinaharap. Maaari kang makatulong.

Ipinapaliwanag ng patnubay na ito ang ilang mga opsyon para sa pagharap sa iba't ibang mga alalahanin mula sa pagtulong sa isang tao na magplano nang maaga hanggang sa pormal na pag-aayos at, kung kinakailangan, paggawa ng isang ulat sa mga awtoridad kung may pinaghihinalaan kang isang pang-aabusong pinansyal.

Ang pinaka-naaangkop na opsyon ay depende sa mga indibidwal na mga alalahanin, mga pangangailangan, at mga sirkumstansya.

Ilang mga halimbawa ng mga sitwasyon kung saan ang isang nasa hustong gulang ay maaaring mangailangan ng tulong ay inilarawan sa ibaba.

Pag-aalala

Ang isang nasa hustong gulang ay may kakayahan ngunit nag-aalala sa hinaharap at nais na maghanda ng isang tao na gagawa ng kanyang mga desisyon.

Ang isang nasa hustong gulang ay may kakayahan ngunit nangangailangan ng tulong sa mga ilang bagay gaya ng pagpirma sa mga dokumento, pagbabangko, pagbabayad ng bills at ang pagbabalik ng buwis (tax returns)

Ang isang nasa hustong gulang ay wala nang kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal at ang kita ay mula lamang sa isa o higit pang pederal na pensiyon

Ang isang nasa hustong gulang ay wala nang kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal at kailangan ng isang tao na magkaroon ng legal na awtoridad upang pangasiwaan ang mga gawaing pinansyal

Ang isang nasa hustong gulang ay walang kakayahan at hindi pinamamahalaan ng maayos o ng ibang tao ang kanyang mga gawaing pinansyal

Ang mga opsyon na tinukoy sa itaas ay ilalarawan sa susunod na mga pahina ng patnubay na ito. Mayroong personal na mga kuwento na naglalarawan kung paano nagagamit ang bawat opsyon. Ang lahat ng mga pangalan ay gawa-gawa lamang at hindi batay sa tunay na mga kliyente.

Mga Opsyon na Maaring Isaalang-alang

Ang isang nasa hustong gulang ay maaaring magplano nang maaga sa pamamagitan ng paggawa ng isang legal na dokumento na nagbibigay ng kapangyarihan sa ibang tao upang gumawa ng mga desisyon. Ang **mga opsyon sa personal na pagpapalano** sa BC ay:

- Isang pangmatagalang **power of attorney**.
- Ang isang kasunduang maging kinatawan para sa mga karaniwang pamamahala ng mga gawaing pinansyal (**representation agreement for routine management of financial affairs**).
- Isang nominasyon ng komite (**nomination of committee**) na tinutukoy ang isang taong nais ng nasa hustong gulang na i-appoint bilang Committee of Estate kapag ito ay kinakailangan na.

Minsan ang impormal na mga opsyon ay siyang kinakailangan lamang. Kahit na ang isang nasa hustong gulang ay maaring mayroon ng isang pangmatagalang power of attorney o kasunduang maging kinatawan (representation agreement), maaaring hindi ito kailangan o angkop para sa abogado o kinatawan upang simulan ang pagkilos. Ang ilang **impormal na mga opsyon** ay:

- Ang mga institusyong pinansyal tulad ng banko ay maaaring makatulong na mag-ayos ng direktang deposito at mga awtomatikong pagbabayad ng bills.
- Ang mga Tax Clinics ay pwedeng tumulong sa paghahanda ng tax returns at tiyakin na ang lahat ng mga refund ng buwis at kredito ay mai-claim.
- Mga financial planners, trust companies, mga accounting firm at mga abogado ay maaaring magawang magbigay ng payo at / o tulong.
- Ang mga ibat-ibang ahensya sa komunidad ay maaaring magtukoy ng mga serbisyo upang matugunan ang mga partikular na pangangailangan at mga sirkumstansya ng isang nasa hustong gulang.

Kung ang isang nasa hustong gulang ay nakakatanggap lamang ng pederal na pensyon (CPP, OAS, GIS), isang pinagkakatiwalaang tao na responsable sa pera ay maaaring mag-apply upang maging isang **Pension Trustee** at siya ang tatanggap ng pensyon at magbabayad ang mga bills sa ngalan ng nasa hustong gulang.

Kung ang isang nasa hustong gulang ay walang kakayahan at hindi nakagawa ng isang **pangmatagalang power of attorney o kasunduang maging kinatawan para sa karaniwang pamamahala ng mga gawaing pinansyal**, ang isang miyembro ng pamilya, kamaag-anak o malapit na kaibigan ay maaaring mag-apply sa hukuman upang maging Committee of Estate. Maaari ring mag-apply ang isang trust company. Kung ang isang naaangkop na tao ay hindi available, ang PGT ay maaaring gumawa ng mga hakbang upang maging Committee of Estate.

Kung ang isang tao ay nakikita na walang kakayahan at:

- hindi pinamamahalaan ng maayos ang kanyang mga gawain,
- biktima ng pinansyal na pang-aabuso,
- pinupwersa na ipamigay ang pera o
- ari-arian na laban sa kanyang kalooban, o
- isang taong may legal na awtoridad na pangasiwaan ang gawain ng nasa hustong gulang ay hindi pinamamahalaan ng maayos ang pera o mga ari-arian, maaari kang gumawa ng kumpidensyal na ulat sa PGT. Ang PGT ay magsasagawa ng imbestigasyon at tutukuyin kung kinakailangang gumawa ng mga hakbang upang makatulong o protektahan ang nasa hustong gulang. Kung kinakailangan, ang PGT ay mayroon ding kapangyarihan upang ihinto ang pagbebenta ng isang ari-arian o pigilin ang pag-withdraw ng pera mula sa isang pinansyal na institusyon.

B. Mga Impormal na Opsyon

Ang mga batas na namamahala sa personal na pagpapalano at legal na mga opsyon para sa kapalit na tagapagdesisyon (substitute decision making) na tinalakay sa patnubay na ito ay isang uri ng batas na madalas na tinatawag na adult guardianship legislation ng British Columbia.

Ang mga batas ay ginawa upang matiyak na ang tinig ng mga nasa hustong gulang ay naririnig kung sila ay hindi na magagawang magsalita para sa kanilang sarili at ang kanilang mga pinansyal na interes ay pinangangalagaan.

Halimbawa, nagtatakda ang *Adult Guardianship Act* ng mga prinsipyong pumapatnubay para sa pangangasiwa at pagbibigay kahulugan ng batas na iyon at nagtatakda rin ng isang pagtantya ng kakayahan na matatagpuan sa lahat ng iba pang mga batas.

Mga Prinsipyong Pumapatnubay

2. Ang Batas na ito ay dapat pangasiwaan at bibigyang kahulugan alinsunod sa sumusunod na mga prinsipyo:
 - (a) ang lahat ng mga nasa hustong gulang ay may karapatang mamuhay sa paraan na nais nila at maaaring tumanggap o tumanggi ng suporta, tulong o proteksyon hangga't hindi sila nakapipinsala sa iba at ang mga ito ay may kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga bagay na iyon;
 - (b) dapat tumanggap ang lahat ng mga nasa hustong gulang ng pinakamabisa ngunit hindi mahigpit at mapanghimasok na paraan ng pagsuporta, tulong o proteksyon kapag ang mga ito ay wala nang kakayahang pangalagaan ang kanilang sarili o ang kanilang mga gawaing pinansyal; at
 - (c) hindi dapat hilingin sa hukuman na mag-appoint, at hindi dapat mag-appoint ng mga guardian, maliban kung ang lahat ng alternatibo, tulad ng pagbibigay ng suporta at tulong, ay nasubukan na o maingat na isinaalang-alang

Pagtantya ng Kakayahan

3. (1) Hanggang ang kabaligtaran ay napatunayan, ang bawat nasa hustong gulang ay ituturing na may kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga personal na pangangalaga, pangangalaga sa kalusugan at mga gawaing sa pinansyal.
- (2) Ang paraan ng pakikipag-usap ng isang nasa hustong gulang sa ibang tao ay hindi batayan para sa pagpapasya na siya ay walang kakayahang gumawa ng mga desisyon tungkol sa anumang bagay na tinutukoy sa subseksiyon (1).

Adult Guardianship Act [RSBC 1996 c. 6]

Ang mga impormal na opsyon ay ang pinaka hindi mapanghimasok na paraan ng pagbibigay ng tulong sa mga nasa hustong gulang.

Tulad ng nakikita sa susunod na inilarawang sitwasyon ni Jacob, ang ilang mga serbisyong available na maaaring makatulong sa kanya upang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal habang tinitiyak na napapanatili ang kanyang kasarinlan at kapangyarihan.

SCENARIO

Si Jacob ay 80 taong gulang at kamakailan lamang ay nakaranas ng isang mild stroke o atake.

Lagi niyang pinamamahalaan ang kanyang mga pinansya at aktibong kasangkot sa mga desisyon tungkol sa kanyang mga portfolio ng investment.

Kamakailan ay lumipat siya mula sa kanyang apartment patungo sa isang pasilidad sa pamumuhay na may katulong (assisted living facility).

Ang pamangking babae ni Jacob na si Rebecca ay malapit lamang ang tirahan at nag-alok na tumulong.

Pinagkakatiwalaan siya ni Jacob ngunit nais niyang pangasiwaan ang kanyang sarili hangga't makakaya niya.

Si Rebecca ay tumutulong kay Jacob na maisaayos ang mga sumusunod:

- Nakatulong kay Jacob ang kanyang pinansyal na institusyon para sa awtomatikong pagdeposito ng kanyang pensyon gayundin ang pagbabayad ng kanyang mga regular na bills.
- Hiniling niya sa kanyang investment advisor na ilipat ang kanyang account sa isang discretionary investment service kung saan si Jacob ay sumang-ayon sa istrategiya ng investment, pero ang eksperto sa investments ang siyang gumagawa ng mga pang-araw-araw na pagpapasya. May dagdag na bayad para sa serbisyong ito, ngunit si Jacob ay hindi kailangang mag-alala tungkol sa pang-araw-araw na mga pagpapasya.

- Hiniling niya sa kanyang accountant na gampanan ang responsibilidad para sa paghahanda ng kanyang mga buwis at pinirmahan niya ang isang pahintulot para sa kanyang accountant upang makipag-usap sa Canada Revenue Agency.

Sa sandaling maisaayos ang mga ito, nais ni Jacob na makipag-usap tungkol sa isang term na pangmatagalang pagpapalano sakaling magkaroon siya uli ng isa pang stroke.

Si Rebecca ay kumuha ng impormasyon tungkol sa mga opsyon sa personal na pagpapalano na available kay Jacob sa British Columbia sa gayon ay mapag-aralan ni Jacob ang mga opsyon at matiyak na masunod ang kanyang mga kagustuhan.

C. Mga Opsyon sa Personal na Pagpapalano

Sa BC, ang mga nasa hustong gulang ay maaaring magplano nang maaga upang matiyak na ang mga desisyong pinansyal, legal, personal at pangangalaga sa kalusugan ay gagawin ng isang taong pinagkakatiwalaan nila at alinsunod sa kanyang ipinahayag na kagustuhan.

Ang legal na mga kagamitan sa pagpapalano para sa pagkuha ng isang tao na mangangasiwa ng mga gawaing pinansyal at legal ay isang **pangmatagalang power of attorney o EPOA** at isang **kasunduang maging kinatawan para sa karaniwang pamamahala ng mga gawaing pinansyal o Financial RA7**. Ang isang paliwanag sa kung bakit ito ay tinatawag na isang Financial RA7 ay ibinigay sa pahina 9 ng publikasyon na ito.

Ang isang alternatibo ay magmungkahi ng **Committee of Estate**. Ito ang bahagi ng patnubay na naglalarawan ng isang EPOA at Financial RA7. Tingnan ang seksyon ukol sa **Committee of Estate** sa hulihan ng patnubay na ito para sa karagdagang impormasyon sa nominasyon ng isang Committee.

Ang legal na kagamitan sa pagpapalano para sa pagpili sa isang taong gagawa ng mga desisyong personal at pangangalaga sa kalusugan ay isang kasunduang maging kinatawan para sa personal at pangangalagang pangkalusugan.

Ang maagang tagubilin ay maaari ding gawin upang magbigay ng particular na mga tagubilin ukol sa tiyak na pangangalaga sa kalusugan at paggamot.

*Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kasunduang maging kinatawan at maagang tagubilin, tingnan ang publikasyon ng PGT: **Ikaw ang Magpapasya: Mga Kagamitan sa Personal na Pagpapalano.***

C1. Pangmatagalan na Power of Attorney o EPOA

Panimula

Kung nais bigyan ng isang nasa hustong gulang ang isang tao ng awtoridad upang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal at legal kung sakaling wala na siyang kakayahan sa hinaharap, maaari kang makatulong na malaman niya ang tungkol sa isang **pangmatagalan na power of attorney (EPOA)**. Ito ay isang espesyal na uri ng power of attorney.

Maaari kang makatulong sa kanya na maunawaan kung ano ito, kung paano ito ginagamit at kung ano ang dapat isaalang-alang bago gumawa nito.

Kung ang isang nasa hustong gulang ay mayroon ng EPOA ngunit hindi na niya gusto ang tao na nakasulat doon bilang abogado na kumilos, o ang abogado ay hindi na available, maaaring kailanganin ng nasa hustong gulang ng tulong na mapawalang bisa ang EPOA at magpagawa ng bago.

Maaari rin kinakailangang tulongan ang nasa sapat na gulang upang makakuha ng legal na payo na upang maisaayos ang kanyang mga kagustuhan.

May ilang mga panuntunan para sa paggawa ng isang EPOA.

Kung gusto ng nasa hustong gulang na i-appoint ka bilang abogado sa EPOA, mahalaga na maunawaan mo kung ano ay kasangkot at sigurado kang maaari mong tuparin ang mga tungkulin at responsibilidad.

Kung ikaw ay hindi komportable na gampanan ang responsibilidad, hindi mo kailangang tanggapin ito.

Gayunpaman, maaari mong magawang tulongan ang nasa hustong gulang na makakilala ng ibang tao na naaangkop.

Ano ang isang EPOA?

Ang “power of attorney” (POA) ay isang legal na dokumento kung saan ang isang nasa hustong gulang ay nag-a-appoint ng isa pang tao upang gumawa ng mga desisyong pinansyal at legal sa kanyang ngalan.

Ang Power of Attorney Act ay ang batas na nagtatakda ng mga panuntunan para sa paggawa ng isang POA at kung paano ito gagamitin. Sa BC, mayroon kaming dalawang uri ng POA. Mahalaga na maunawaan ang mga pagkakaiba nito.

Ang isang pangkalahatang (general) power of attorney (POA) ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa isang nasa hustong gulang upang mag-appoint ng isang taong pinagkakatiwalaan upang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal ayon sa kanyang kagustuhan o sa kanyang ngalan kapag siya ay hindi available.

Ang isang POA ay maaaring limitado sa isang bank account o isang asset tulad ng bahay ng nasa hustong gulang, o maaari nitong masakop ang lahat ng mga pinansyal at legal na gawain para sa isang takdang panahon.

Ang isang pangkalahatang power of attorney ay mawawalan ng bisa kapag ang nasa hustong gulang wala ng kakayahan.

Ang **pangmatagalan na power of attorney (EPOA)** ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa isang nasa hustong gulang na mag-appoint ng isang taong pinagkakatiwalaan niya upang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing legal at pinansiyal kung siya ay nangangailangan ng tulong sa paggawa ng desisyon o walang kakayahan at hindi na namakagagawa ang mga ito.

Ang taong pinangalanan na gumawa ng mga pagpapasya para sa nasa hustong gulang sa isang POA o EPOA ay tinatawag na abogado.

Sino ang maaaring gumawa ng EPOA?

Sa BC, ang sinumang nasa hustong gulang (19 taon gulang o mas matanda) ay maaaring gumawa ng EPOA maliban kung walang kakayahan na maunawaan ang katangian at konsikwensya ng dokumento.

Ibig sabihin nito ay dapat na maunawaan ng nasa hustong gulang ang lahat ng mga sumusunod:

- ang ari-arian na mayroon ang nasa hustong gulang at ang tanyang halaga nito;
- ang mga obligasyon ng nasa hustong gulang sa kanyang mga dependent; at
- na ang abogado ng nasa hustong gulang ay maaaring gawin ang lahat ng bagay sa ngalan ng nasa hustong gulang na may kinalaman sa gawaing pinansyal na magagawa ng nasa hustong gulang kung kakayanin, maliban sa paggawa ng testamento, na sumasailalim sa mga kondisyon at mga restriction na itinakda sa **pangmatagalan na power of attorney**;

- iyon ay, maliban kung ang abogado ang masinop na namamahala ng negosyo at ari-arian ng nasa hustong gulang, ang halaga nito ay maaaring bumaba;
- ang abogado ay maaring gamitin sa maling paraan ang “attorney’s authority”; at
- ang nasa hustong gulang ay maaari, kung may kakayahan, na mapawalang bisa ang pangmatagalan na power of attorney.

Mga tungkulin at responsibilidad ng isang abogado batay sa EPOA

Kapag ang isang tao ay sumang-ayon na maging abogado, may gagampanan silang ilang mga responsibilidad. Ang taong ito ay dapat magkaroon ng oras at kasanayang kinakailangan para sa mga pinansyal na responsibilidad na kasangkot at maging handang gampanan ang kanyang papel.

Kabilang sa mga tungkulin ng isang abogado ay:

- kumilos nang matapat at na may mabuting hangarin
- maging maingat, may kasanayan at kasigasigan ng isang masinop na tao
- gumawa lamang ng mga desisyon na awtorisadong gawin ng abogado
- mag-invest ng mga asset na ayon sa mga panuntunan ng Trustee Act
- panatilihin magkahiwalay ang assets ng nasa hustong gulang at assets ng abogado
- pagpapanatili ng mga talaan ng iyong assets at mga halaga nito, gayundin ang mga transaksyon sa gayon ay maisagawa ang accounting

Kapag nangangasiwa at gumagawa ng mga desisyon, ang isang abogado ay dapat kumilos sa pinakamabuting interes ng nasa hustong gulang, isinasaalang-alang ang kasalukuyang mga kagustuhan ng nasa hustong gulang, ang mga mga pinaniniwalaan at mga pinahahalagahan, at anumang direksyon na itinakda sa mismong EPOA. Bilang karagdagan, kung makatwiran, ang abogado ay dapat na:

- magbigay ng prayoridad sa pagtugon sa mga na pangangailangan ng nasa hustong gulang para sa personal na pangangalaga at pangangalaga sa kalusugan
- paunlarin ang pagsasarili ng nasa hustong gulang at hikayatin silang lumahok sa paggawa ng mga desisyong nakakaapekto sa kanila
- panatilihin laging available para sa nasa hustong gulang ang kanilang mga personal na kagamitan

Ang iba pang mga tuntunin na kailangang malaman ng isang abogado ay:

- ang abogado ay hindi maaaring gumawa o palitan ang isang testamento para sa nasa hustong gulang
- ang abogado ay hindi maaaring ibenta o ipamigay ang ari-arian ng nasa hustong gulang na alam nitong isang ispesipikong regalo na nasa testamento ng nasa hustong gulang, maliban sa ilang mga sirkumstansya
- mayroong mga restriction sa paggawa o pagbabago ng mga “beneficiary designations”
- mayroong mga restriction sa pagbibigay ng mga regalo, mga pautang at donasyong pangkawang-gawa
- ang abogado ay hindi maaaring magbigay ng regalo o pautang sa kanyang sarili maliban kung ito ay pinahihintulutan sa EPOA
- ang abogado ay maaaring mag-hire ng mga kwalipikadong “agents” ngunit hindi maaaring italaga ang paggawa ng mga desisyon sa ibang tao maliban sa mga kwalipikadong investment specialist
- ang abogado ay hindi maaaring bayaran para kumilos bilang abogado maliban kung nasa EPOA na may kompensasyon, ngunit ang abogado ay maaaring mag-reimburse para sa mga makatuwirang paggastos na ginawa habang gumagampan ng tungkulin

Ang mga nasa hustong gulang ay hindi kailangang gumawa ng EPOA. Sila ang magpapasya. Ito ay isang kagamitan na maaaring magamit upang magplano para sa hinaharap.

Sino ang maaaring kumilos bilang isang abogado batay sa EPOA?

Ang taong pinangalanan bilang abogado sa EPOA ay dapat na nasa hustong gulang (19 taon gulang o mas matanda na nakatira sa BC).

Mahalaga ring tiyakin na ang abogado ay hindi isang taong pinagbabawalan na kumilos.

Kasama sa ipinagbabawal na mga tao ang taong nagbibigay sa nasa hustong gulang ng mga serbisyong personal o pangangalaga sa kalusugan na may bayad; mga empleyado sa isang pasilidad kung saan nakatira ang nasa hustong gulang at ang

pasilidad ay nagbibigay ng mga serbisyong personal o pangkalusugang pangangalaga sa nasa hustong gulang; at mga empleyado at volunteers na nagtatrabaho sa lisensyadong mga pasilidad na pinangangasiwaan alinsunod sa *Community Care and Assisted Living Act* or the *Hospital Act* (Batas sa Pangkomunidad na Pangangalaga at Pamumuhay na may Katulong o ang Batas sa Ospital).

Maliban kung ang abogado ay asawa, anak o magulang ng nasa hustong gulang.

Ang kapangyarihan ng isang abogado upang kumilos batay sa EPOA ay mawawalan ng bisa kung ang abogado ay ma-bankrupt.

Inilalarawan ng mga sumusunod na halimbawa kung paano ang isang mahusay na naplanong EPOA ay makakatulong upang matiyak na ang isang tao na pinagkakatiwalaang ay magkakaroon ng awtoridad na kinakailangan upang pangasiwaan ang mga gawaing pinansyal ng nasa hustong gulang kapag ito ay wala ng kakayahang gumawa ng mga desisyon para sa kanyang sarili.

SCENARIO

Si Jeannette ay naninirahan sa isang inuupahang apartment. Noong namatay ang kanyang asawa siya ay may ginawang isang pangmatagalan na power of attorney (EPOA). Ini-appoint niya ang kanyang bunsong anak na lalaking si Phil bilang abogado. Ilang panahon lamang matapos ito, si Jeannette ay nahulog at nagkaroon ng maraming komplikasyon. Siya ay naospital sa loob ng 2 buwan. Sa mga panahong iyon, siya nahirapan sa paggawa ng mga desisyon at hindi masyadong makakilos.

Bilang kanyang abogado batay sa EPOA, kinuha ni Phil ang responsibilidad para sa mga gawaing pinansyal ni Jeannette na kasama ang pagbabayad ng bills, upa sa apartment, at mga desisyon sa investment. Paglipas ng ilang panahon, si Jeannette ay umigi at may kakayahan na upang pangasiwaan ang kanyang pang-araw-araw na gawain. Inihinto na ni Phil ang paggawa ng kanyang pagbabangko, ngunit sa kahilingan ni Jeannette, ipinagpatuloy ni Phil na pangasiwaan ang kanyang mga investment. Sinasabi ni Phil ang mga desisyon sa kanya at tinitiyak na natatanggap niya ang mga kopya ng mga statement. Kinausap ni Phil at Jeannette ang bangko at investment advisor ukol sa bagong kaayusan.

Sa paggawa ng isang EPOA, natitiyak ni Jeannette na si Phil ay mayroong awtoridad na kailangan niya upang matulungan siyang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal kapag kinakailangan. Sinunod ni Phil ang kanyang mga tungkulin kay Jeannette sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng mas maraming pagsasariling nais niya, habang pinapanatili ang kanyang kaalaman at kumukonsulta sa kanya hangga't maaari.

Para sa karagdagang impormasyon

May ilang mga panuntunan tungkol sa kung paano ginagawa ang isang EPOA at kung paano ito ginagamit. May mga panuntunan rin kung paano binabago o pinapawalang saysay ang EPOA. Mangyaring tingnan ang aming publikasyon **Ikay ang Magpapasya: Mga Kagamitan sa Personal na Pagpapalano** para sa mas detalyadong pagtalakay sa EPOA.

Mga EPOA na Ginawa bago ng Setyembre 1, 2011

Ang mga patakaran para sa paggawa ng isang EPOA sa British Columbia ay may malaking pagbabago mula noong Septyembre 1, 2011. Ang mga EPOA na ginawa bago ng Septyembre 1, 2011 ay mananatiling may bisa at maaari pa ring gamitin. Gayunpaman, ang mga abogado ay sumasailalim sa mga bagong panuntunan ngayon at maaaring hindi magawang ipatupad ang lahat ng mga kahilingan ng nasa hustong gulang. Halimbawa, may mga limitasyon sa kabuuang halaga ng mga regalo, mga pautang at mga donasyon na maaaring gawin sa isang taon maliban kung nakasaad sa EPOA. Maaaring repasuhin ng nasa hustong gulang ang mga umiiral na dokumento ng personal na pagpapalano at humingi ng legal na payo upang matukoy kung may mga pagbabagong dapat gawin. .

C2. Kasunduang Maging Kinatawan para sa Pangangasiwa ng mga Karaniwang Gawaing Pinansyal o Financial RA7 (Representation Agreement for Routine Management of Financial Affairs (Financial RA7))

Panimula

Kapag ang isang nasa hustong gulang ay walang kakayahang mag-isip upang gumawa ng isang **pangmatagalan na power of attorney** ngunit kailangan niya ng tulong sa paggawa ng mga desisyon o kaya gusto niyang bigyan ang isang tao ng awtoridad upang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal at legal dahil siya ay nahihirapan, maaari kang makatulong na malaman ng nasa hustong gulang ang tungkol sa paggawa ng isang **kasunduang maging kinatawan para sa pangangasiwa ng mga karaniwang gawaing pinansyal** (Financial RA7).

Maaari kang makatulong na maunawaan ng mga nasa hustong gulang kung ano ito, kung paano ito ginagamit at kung ano ang dapat isaalang-alang bago gumawa nito.

Maaari ring kinakailangang tulungan ang nasa hustong gulang na kumuha ng legal na payo upang maisaayos ang kanyang mga kahilingan. May ilang mga panuntunan para sa paggawa ng Financial RA7.

Kung gusto ng mga nasa hustong gulang na kunin ka bilang kanyang kinatawan, mahalaga na maunawaan mo kung ano ay kasangkot at tiyak na matutupad ang mga tungkulin at responsibilidad.

Kung ikaw ay hindi komportable na gampanan ang responsibilidad, hindi mo kailangang tanggapin ito.

Gayunpaman, maaari mong magawang tulungan ang nasa hustong gulang na makakilala ng ibang tao na naaangkop.

Ano ang isang Financial RA7?

Ang kasunduang maging kinatawan ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa isang nasa hustong gulang na bigyan ang isang tao na kanyang pinagkakatiwalaan ng legal na kapangyarihan upang tulungan siya o gumawa ng mga desisyon sa kanyang ngalan.

Ang isang kasunduang maging kinatawan ay maaaring masakop ang mga desisyong personal at pangangalaga sa kalusugan gayundin ang pangangasiwa ng mga karaniwang gawaing pinansyal.

Ipinapaliwanag ng gabay na ito na ang tungkol sa **kasunduang maging kinatawan para pangangasiwa ng mga karaniwang gawaing pinansyal lamang** (Financial RA7).

Ang Financial RA7 ay isang kasunduang maging kinatawan na nagpapahintulot sa kinatawan na tulungan ang nasa hustong gulang na gumawa ng mga pang-araw-araw na desisyong pinansyal, o gumawa ng mga pagpapasya kapag ang nasa hustong gulang ay walang kakayahang magdesisyon nang nag-iisa.

Ang namamahalang batas ay ang Representation Agreement Act sa section 7 ng batas na partikular na nagpapahintulot sa kapangyarihang ito. Ito ang dahilan kung bakit tinutukoy ng ilang tao ang kasunduang ito bilang section 7 o RA RA7. Minsan ito ay tinatawag ring RA na may “standard” na kapangyarihan.

Ginagamit sa patnubay na ito ang pangalan na “Financial RA7”.

Ang Financial RA7 ay isang legal tool na maaring gamitin ng isang taong nasa hustong gulang upang makapagtakda siya ng isang representative o kinatawan na makagagawa o makatutulong na gumawa ng mga pinansyal na desisyon para sa kanya.

Ang nasa hustong gulang ay hindi kailangang gumawa ng isang kasunduang maging kinatawan. Sila ang magpapasya.

Ang isang service provider ay hindi dapat humingi ng isang kasunduang maging kinatawan sa isang nasa hustong gulang bilang kondisyon sa pagtanggap ng kalakal o serbisyo.

Sino ang maaaring gumawa ng Financial RA7?

Sa BC, isang nasa hustong gulang (19 taon o mas matanda) ay maaaring gumawa ng isang kasunduang maging kinatawan, kabilang ang Financial RA7, maliban kung siya ay walang kakayahang maintindihan ang paggawa nito.

Sa pagpapasya kung ang nasa hustong gulang ay hindi na kayang gumawa ng kasunduang maging kinatawan, dapat na isaalang-alang ang mga kaugnay na mga dahilan, kabilang kung:

- ang nasa hustong gulang ay nagpapahayag ng pagnanais na magkaroon ng isang kinatawan na gagawa, tutulong sa paggawa, o itigil ang paggawa ng mga desisyon;
- ang nasa hustong gulang ay nagpapahayag ng mga opsyon at mga kagustuhan at maaaring ipahayag ang damdamin ng pag sang-ayon o hindi pag sang-ayon sa iba;
- ang nasa hustong gulang ay mayroong kamalayan na ang paggawa ng kasunduan o pagbago o pagpapawalang-saysay ng alinman sa mga probisyon ay nangangahulugan na ang kinatawan ay maaaring gumawa, o itigil ang paggawa ng mga desisyon o alternatibo na makakaapekto sa nasa hustong gulang;
- ang kaugnayan ng nasa hustong gulang sa kinatawan ay nakabatay sa tiwala

Ang isang nasa hustong gulang ay maaaring may kakayahang gumawa ng Financial RA7 kahit na siya ay hindi kayang gumawa ng isang EPOA o pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal.

Sino ang maaaring maging isang kinatawan batay sa Financial RA7?

Ang isang kinatawan ay dapat na 19 taong gulang o mas matanda pa.

Kasama sa ipinagbabawal na mga tao ang taong nagbibigay sa nasa hustong gulang ng mga serbisyong personal o pangangalaga sa kalusugan na may bayad; mga empleyado sa isang pasilidad kung saan nakatira ang nasa hustong gulang at ang pasilidad ay nagbibigay ng mga serbisyong personal o pangkalusugang pangangalaga sa nasa hustong gulang; at mga empleyado at volunteers na nagtatrabaho sa lisensyadong mga pasilidad na pinangangasiwaan alinsunod sa Community Care and Assisted Living Act or the Hospital Act.

Maliban kung ang kinatawan ay asawa, anak o magulang ng nasa hustong gulang.

Ang awtoridad ng kinatawan na pangasiwaan ang mga gawaing pinansyal ng nasa hustong gulang ay kinankansela kapag na-bankrupt ang nasa hustong gulang o ang kinatawan.

Mga tungkulin at responsibilidad ng isang kinatawan batay sa Financial RA7

Ang mga tungkulin at responsibilidad ng isang kinatawan ay katulad, ngunit may limitadong saklaw, kaysa sa isang abogado batay sa isang pangmatagalan na power of attorney. Tingnan ang kahulugan ng "pangangasiwa ng mga karaniwang gawaing pinansyal" sa pahina 11.

Samakatuwid, mahalaga na ang kinatawan ay may oras at kasanayan upang matulungan ang mga nasa hustong gulang at /o gumawa ng mga pagpapasya sa ngalan ng nasa hustong gulang.

Ang kinatawan ay dapat ring maging handang sumunod sa mga tungkulin at responsibilidad. Kabilang sa mga tungkulin ng isang kinatawan ay:

- kumilos nang matapat at na may mabuting hangarin
- maging maingat, may kasanayan at kasigisigan ng isang masinop na tao
- gumawa lamang ng mga desisyon na awtorisadong gawin ng kinatawan
- mag-invest ng mga asset na ayon sa mga panuntunan ng Trustee Act
- panatiliing magkahiwalay ang assets ng nasa hustong gulang at assets ng kinatawan

- pagpapanatili ng mga talaan ng iyong mga transaksyon, mga ginawang desisyon, at nauukol na mga impormasyon para sa pagsisiyasat ng nasa hustong gulang, ng monitor o ng PGT

Kapag tinutulungan ang nasa hustong gulang na gumawa ng mga pagpapasya o kapag nagsasagawa ng mga desisyon sa kanyang ngalan, ang isang kinatawan ay dapat na kumonsulta sa nasa hustong gulang, hangga't maaari, upang matukoy ang kanyang mga kasalukuyang kagustuhan, at sundin ang mga kagustuhang iyon kung makatwirang na gawin ito.

Kung ang kahilingan ng nasa hustong gulang ay di matukoy, ang kinatawan ay dapat sundin ang mga tagubilin o kagustuhang ipinahayag ng nasa hustong gulang noong may kakayahan pa.

Kung ang mga tagubilin o kahilingan ng nasa hustong gulang ay hindi naipahayag, dapat kumilos ang kinatawan na alinsunod sa mga paniniwala at pinahalalagan ng nasa hustong gulang, o kung di ito alam, sa pinakamahasay na interes ng nasa hustong gulang.

Ang iba pang mga tuntunin na kailangang malaman ng isang kinatawan ay:

- ang kinatawan ay hindi maaaring gumawa o palitan ang isang testamento
- mayroong mga restriction sa pagbibigay ng mga donasyong pangkawang-gawa
- ang kinatawan ay maaaring mag-hire ng mga kwalipikadong "agents" ngunit hindi maaaring italaga ang paggawa ng mga desisyon sa ibang tao maliban sa mga kwalipikadong investment specialist
- ang kinatawan ay hindi maaaring bayaran para sa kanyang mga serbisyo maliban kung ang halaga o rate ay nakasaad sa kasunduang maging kinatawan, at may pahintulot ng hukuman ang pagbabayad, ngunit ang kinatawan at monitor ay maaaring mag-reimburse para sa mga makatuwirang paggastos na ginawa

Kung ang kinatawan ay hindi magagawang sundin ang dati nang mga ipinahayag sa tagubilin ng nasa hustong gulang o hindi naniniwala na ang mga tagubilin ay para sa pinakamahasay na interes ng nasa hustong gulang, maaaring kumuha ng kautusan ng hukuman na nagpapahintulot sa isang desisyon, o ang kinatawan ay maaaring isaalang-alang ang pagkuha ng awtoridad na kumilos bilang Committee ng ari-arian ng nasa hustong gulang.

Kahulugan ng "pangangasiwa ng mga karaniwang gawaing pinansyal"

Itinatakda ng batas ang isang detalyadong listahan ng kung ano ang kahulugan ng pangangasiwa ng mga karaniwang gawaing pinansyal. Kabilang dito ang:

- pagbabayad ng bills
- pagtanggap at pagdedeposito ng mga kita at mga pensiyon
- pagbili ng mga pagkain, tirahan at iba pang mga serbisyo para sa personal na pangangalaga
- pambubukas ng mga bank account
- pagbabayad ng mga utang ng nasa hustong gulang
- pag-aaplay para sa mga benepisyo na may karapatan ang nasa hustong gulang
- pagbabayad ng seguro para sa bahay o sasakyan
- pagbubukas ng RRSP at pagkokontribusyon
- pag-convert ng isang RRSP sa RRF o kinita sa isang taon
- pagbibigay ng donasyon sa charities (nakabatay sa limitasyon at pangmatagalan na power of attorney)
- paghahanda at pagpa-file ng income tax returns
- paggawa ng mga investments ayon sa Trustee Act
- pagkuha ng mga legal na serbisyo at pag-aatas sa counsel na simulan ang "proceedings" o paglilitis (maliban sa diborsyo) o magpatuloy, mag-settle o mag-depensa sa mga legal na paglilit

Ang isang kinatawan, batay sa Financial RA7 ay hindi pinahihintulutan na:

- gumamit o mag-renew ng mga credit card o line of credit ng nasa hustong gulang,
- kumuha ng credit card o line of credit
- kumuha ng loan, o mortgage
- bumili o magbenta ng real estate
- maggarantiya ng loan o mag bayad-pinsala sa isang "third party"
- ipahiram ang iyong personal na pag-aari sa iba
- magbigay ng mga regalo o ipamigay ang ari-arian sa iba
- ipawalang bisa o baguhin ang isang beneficiary designation
- bumili ng isang bagong life insurance policy

Pagpili ng isang monitor para sa Financial RA7

Kapag nag-appoint ng isang kinatawan para sa Financial RA7, ang nasa hustong gulang at dapat ring pumili ng isang tao para maging monitor. Ang monitor ay responsable para sa pagsusuri ng mga pagkilos ng kinatawan upang masiguro na ang kinatawan ay sumusunod sa kanyang mga tungkulin.

Hindi kinakailangan ng monitor kung ang kinatawan ay asawa ng nasa hustong gulang, isang trust company o credit union, o ang PGT. Hindi rin kinakailangan ng monitor kapag mayroong dalawang kinatawan na dapat kumilos nang magkasama.

SCENARIO

Si Mimi ay aktibo sa kanyang retirement community ngunit siya ay nasa maagang yugto ng sakit na Alzheimer. Ang kanyang memorya ay humihina na at siya ay nag-aalala tungkol sa kanyang kakayahang pangasiwaan ang kanyang sariling pera sa hinaharap. Dahil sa kanyang humihinang kaisipan hindi siya makagawa ng isang pangmatagalan na power of attorney. Humingi ng payo si Mimi sa kanyang matalik na kaibigan at kapitbahay na si Maria, upang maging kanyang kinatawan.

Ngunit dahil si Mary ay hindi asawa ni Mimi, kailangang mag-appoint siya ng pangalawang tao na kikilos bilang kasamang kinatawan ni Mary, o isang monitor. Kaibigan ni Mimi si Inez, kilala niya si Mary at masaya itong tutulong. Si Inez ay mas bata at mahusay sa pera.

Nagkasundo sila na si Inez ang maging monitor. Si Mary ay isang pinagkakatiwalaang kaibigan ni Mimi sa maraming taon at ikinararantal nito na maging kinatawan ng kanyang kaibigan. Alam niya ang mga bagay na pinahahalagahan ng kanyang ni Mimi. Gayunpaman, bago niya pirmahan ang kasunduang maging kinatawan, kinausap ni Mary ng masinsinan si Mimi upang matiyak na naiintindihan niya ang mga kagustuhan at mga inaasahan nito.

Si Mimi ay laging ipinagmamalaki ang kanyang hitsura at ito ay mahalaga sa kanya, na ang kanyang dignidad ay mapanatili habang naglalaho ang kanyang memorya at kakayahan sa paggawa ng desisyon. Nagkaroon siya ng maraming kaibigan sa buong buhay niya ngunit nang siya ay tumanda, marami na ang namatay. Nag-aalala siyang maiwan na nag-iisa.

Bilang kanyang kinatawan, si Mary ang nangangasiwa ng kanyang mga karaniwang gawaing pinasyal. Si Mary ang

nagdedeposito ng kanyang mga tseke, nagbabayad ng kanyang bills at namamahala ng kanyang mga investment.

Dahil sa tinalakay ni Mary ang mga kahilingan at pinahahalagahan ni Mimi, tinitiyak nito na may nakalaan na pera sa bawat buwan para sa isang may bayad na makakasama upang bisitahin si Mimi minsan sa isang linggo at isama sa pamamasyal. Taglay sa isip Mary na si Mimi ay nais na tumanda na may estilo kaya tinitiyak nito na mayroong pera lagi para sa regular na pagpapaayos ng buhok at paminsan-minsan ay may bagong damit si Mimi.

Sa pana-panahon, si Mimi, Inez at Mary ay nagmi-meeting upang ipakita ni Mary kay Inez kung paano nagastos ang pera ni Mimi.

Para sa karagdagang impormasyon

May ilang mga panuntunan tungkol sa kung paano ginagawa ang isang Financial RA7 at kung paano ito ginagamit. May mga panuntunan rin kung paano binabago o pinapawalang saysay ang RA7 Financial din.

Mangyaring tingnan ang aming publikasyon **Ikaw ang Pipili: Mga Kagamitan sa Personal na Pagpapalano** para sa mas detalyadong pagtalakay sa kasunduang maging kinatawan.

D. Iba pang Mga Legal na Opsyon

Kapag ang isang nasa hustong gulang na nangangailangan ng tulong sa pangangasiwa ng kanyang mga gawaing pinansyal ay hindi nakagawa ng isang EPOA, walang sinuman o nais na maging kinatawan batay sa Financial RA7, at ang impormal na mga opsyon ay hindi praktikal o maaari, mayroong dalawang paraan para sa isang tao na makakuha ng legal na pahintulot upang pangasiwaan ang ilan o lahat ng mga gawaing pinansyal ng nasa hustong gulang - pampederal na pamahalaang **pension trustee** o **Committee of Estate**.

Ang mga pagpipilian ay depende sa mga sirkumstansya at mga pangangailangan ng nasa hustong gulang na iyon.

D1. Federal Government Pension Trustee

Ano ito?

Kapag ang isang nasa hustong gulang ay nahihirapan nang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal, pinahihintulutan ng mga pampederal na batas sa income assistance na ang isang tao ay mai-appoint bilang trustee upang mangolekta at mangasiwa ng mga kabayaran mula sa Old Age Security (OAS), Guaranteed Income Supplement (GIS), at/o Canada Pension Plan (CPP). Ang mga sustento ng beterano ng digmaan ay maaari ding makolekta sa parehong paraan.

Ito ay maaaring isang opsyon kung ang nasa hustong gulang ay walang iba pang mga pinagkukunan ng kita at walang mga ari-ariang pinangangasiwaan.

Kung ang nasa hustong gulang ay gusto kang mag-apply na maging trustee, o kung ang nasa hustong gulang ay walang kakayahang gumawa ng mga desisyon at handa mong tanggapin ang responsibilidad, ikaw o ang isang mapagkakatiwalaang miyembro ng pamilya o kaibigan ay maaaring mag-apply.

Tandaan: Ang trustee ay walang awtoridad na pangasiwaan ang iba pang assets o makipag-ugnayan sa Canada Revenue Agency tungkol sa pagbayad ng buwis at hindi maaaring bayaran mula sa assets ng nasa hustong gulang upang kumilos bilang **pension trustee**.

Ano ang kinakailangan?

Ang Service Canada ay maaaring makatulong sa prosesong ito. Ang isang may pirmang katibayan mula sa isang kwalipikadong doktor ay kinakailangan, katunayan na ang nasa hustong gulang ay nangangailangan ng tulong upang pangasiwaan ang kanyang kitang pensyon.

Maaari kang singilin ng doktor ng kaunting bayad para sa serbisyong ito, ngunit hindi kinakailangan ng abogado upang makumpleto ang application. Bilang karagdagan, ang taong nag-a-apply na maging trustee ay dapat pumirma sa isang kasunduang nagtatakda ng tungkulin at mga responsibilidad ng trustee.

Ang kasunduang pinirmahan ng trustee ay nangangailangan na ang trustee ay pangasiwaan ang pension benefits sa pinakamahasag na interes ng nasa hustong gulang, pagpapanatili ng mga talaan ng bawat taon at maging handang magbigay ng ulat ng accounting.

Habang ang isang **pension trustee** ay may limitadong kapangyarihan, ito ay madalas na kinakailangang tumulong sa karaniwang mga pang-araw-araw na pinansyal na usapin tulad ng makikita sa halimbawa sa ibaba, si Raj.

SCENARIO

Nagtrabaho ng self employed sa buong buhay niya, si Raj ay nagretiro na walang pribadong pension plan at kaunti lamang ang assets. Umaasa lamang siya sa pederal na pensyon ng pamahalaan upang bayaran ang upa sa tinitirhan at mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Ang kanyang anak na lalaki na si Ali ay nakita na ang pag-iisip ni Raj ay humihina na at nag-aalala siya tungkol sa kakayahan ng kanyang ama na pangasiwaan ang mga kita at bayaran ang mga bills.

Nais ni Ali na suportahan ang kagustuhan ni Raj na manatili sa kanyang apartment at nakapagsasarili hangga't maaari.

Kinumpirma ni Ali sa doktor ni Raj, na siyang gumagawa ng medical certificate, na nangangailangan si Raj ng tulong at nag-apply siya na maging Pension Trustee. Ito ay nagpapahintulot kay Ali na mangolekta ng mga pensiyon ni Raj at bayaran ang kanyang bills.

Para sa karagdagang impormasyon

Tingnan ang Helpful Links, "Service Canada", sa hulihan ng patnubay na ito para sa mga link sa mga pormularyo para sa doktor at trustee upang mapirmahan.

D2. Committee of Estate

Ano ito?

Kapag ang Korte Suprema ng British Columbia ay nagdeklara na ang isang tao ay wala nang kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal at / o mga desisyong personal at pangangalaga sa kalusugan, ang hukuman ay maaaring mag-appoint ng isang tao para maging Committee of Estate na mananagot para sa mga gawaing pinansyal ng nasa hustong gulang / o Committee of Person na responsable para sa personal at pangangalagang pangkalusugan na mga desisyon. Sa ibang provinces at territories sa Canada, ang isang committee ay maaaring kilala bilang isang guardian.

Ang isang Committee ay may malawak na kapangyarihang gumawa ng mga pagpapasya para sa nasa hustong gulang. Sa ibang jurisdiction ang committee ay tinatawag na guardian. Nagpapairal ng awtoridad bilang **Committee of Estate**, ito ay itinuturing na pinaka-mapanghimasok na opsyon ng pagharap sa mga gawaing pinansyal ng isang nasa hustong gulang. Dahil dito, mahalagang kumpirmahin na ang mga impormal na opsyon, at iba pang mga solusyon tulad ng federal **pension trusteeship** o paggawa ng Financial RA7, ay hindi sapat upang matugunan ang mga pangangailangan ng nasa hustong gulang na iyon.

Ano ang kinakailangan?

Ang isang tao ay dapat mag-apply sa Korte Suprema ng British Columbia upang ma-appoint na **Committee of Estate** alinsunod sa Patients Property Act.

Ang tao ay karaniwang isang pinagkakatiwalaang malapit na miyembro ng pamilya o kaibigan na magagawa at handang tanggapin ang mga responsibilidad. Kung walang sinumang available o naaangkop, maaaring mag-apply ang isang trust company o isang credit union na nag-aalok ng trust services. Ang PGT ay maaari ring gumawa ng mga hakbang upang maging committee.

Sa karaniwang sitwasyon, magha-hire ng isang abogado upang ihanda ang mga dokumento na kailangan para sa application sa hukuman, kabilang ang isang listahan ng assets at liabilities, ang mga pangalan ng pinakamalapit na kamag-anak o next of kin, mga detalye ukol sa ipinanukalang pangangasiwa ng assets at plano ng pangangalaga, at ang apidabit (sworn statements) ng dalawang kwalipikadong doktor na nagpapatunay na ang nasa hustong gulang ay walang kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal at

legal. Ang application sa hukuman ay ihahain sa nasa hustong gulang at sa PGT.

Ang PGT ay gagawa ng mga rekomendasyon sa hukuman na may kaugnayan sa medikal na katibayan, “bonding requirements” o iba pang mga inirekomendang restrictions sa awtoridad na dapat ibigay sa committee.

Ang kautusan ng hukuman

Kapag ang hukom ay nasiyahan na ang nasa hustong gulang ay wala ng kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal at legal, at ang aplikante ay ang naaangkop na tao para kumilos sa kanyang ngalan, ang hukom ay maglalabas ng isang kautusan na nagdedeklara na ang nasa hustong gulang ay wala ng kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawain at ia-appoint ang aplikante bilang **Committee of Estate**.

Ang kautusan ng hukuman ay ang awtoridad ng committee upang gumawa ng mga desisyon sa ngalan ng nasa hustong gulang.

Maaaring kasama sa kautusan ang mga restriction sa kapangyarihan ng committee.

Ang Canadian Bar Association (BC Branch) ay nag-aalok ng Lawyer Referral Service na maaaring makatulong sa paghahanap ng isang abogado na mayroong karanasan sa pagharap sa mga ganitong uri ng application. Tingnan ang Helpful Links, “Canadian Bar Association”, sa hulihan ng patnubay na ito para sa Lawyer Referral Services at mga pwedeng tawagan.

Sa pangkalahatan ay ipapahayag ng hukuman sa kautusan na ang mga nagastos sa application ay mababawi mula sa assets ng walang kakayahang nasa hustong gulang..

Mga tungkulin at responsibilidad ng Committee of Estate

Ang committee ay dapat maging responsable para sa mga gawaing pinansyal at legal ng nasa hustong gulang. Gayunpaman, ang committee ay inaasahan ring isaalang-alang at igalang ang kagustuhan ng nasa hustong gulang. **Kabilang dito ang pagsuporta sa pagsasarili ng nasa hustong gulang at paghikayat sa paglahok ng nasa hustong gulang sa anumang paggawa ng desisyon na nakakaapekto sa nasa hustong gulang.**

Ang committee ay may malawak na kapangyarihan at malawak na responsibilidad, kabilang ang:

- pagtukoy at siguruhin na ligtas ang assets at kita ng nasa hustong gulang
- pamamahala ng badyet, mga gastos at pananagutan ng nasa hustong gulang
- pagtiyak na natutugunan ang mga legal na obligasyon ng nasa hustong gulang
- paghahanda ng lahat ng pagbayad ng buwis, at
- paghahanda ng mga account para sa pagsusuri ng PGT o hukuman

Kung naaangkop, maliban kung nililimitahan ng hukuman, kabilang rin sa mga responsibilidad ang:

- pagbili o pagbebenta ng ari-arian ng nasa hustong gulang kapag ito ay nasa pinakamahasag na interes ng nasa hustong gulang
- pagpasok sa mga kontrata
- pagpapatakbo ng alinmang umiiral na mga negosyo
- pagsasampa o pagtatanggol ng anumang kaso sa ngalan ng nasa hustong gulang

Sa loob ng isang taon pagkatapos na mai-appoint ang committee, isang detalyadong accounting ng ari-arian ay dapat na isinumite sa PGT.

Pagkatapos nito ay itinatakda ng PGT ang mga iskedyul ng pag-uulat na maaaring mula 1-5 taon, depende sa mga salik tulad ng laki at kung kumplikado ang ari-arian.

Ang kuwento ni Kim sa ibaba ay inilalarawan ang isang halimbawa kung kailan kailangan ang isang Committee of Estate at kung paano ito gumagana.

SCENARIO

Ang hindi sukat akalain ni Kim ay nangyari habang siya ay sa nagmamaneho pauwi sa bahay mula sa klase sa unibersidad. Isang napakabilis na kotse, ang nasa maling direksyon sa isang one way na karsada, ay malakas na binangga ang sasakyan Kim. Napakalaki ng pinsala kay Kim.

Sa kalaunan nakuhang umiging muli ng kanyang mga nabaling buto, sinabi ng mga doktor sa kanyang mga magulang na si Kim ay nagkaroon ng permanenteng pinsala sa utak at siya ay mangangailangan ng patuloy na suporta at tulong upang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing sa pinansyal at legal.

Ang mga magulang ni Kim ay kinakailangan ng legal na awtoridad upang makipag-negotiate ng isang settlement sa insurance sa ngalan ni Kim.

Kapag naisaayos ang kaso, ang mga ito ay kailangan din ng legal na awtoridad upang pamahalaan ang mga pondo, bumili ng kanyang bahay, at masiguro na ang kanyang mga pangangailangang pinansyal ay matutugunan.

Upang makuha ang legal na awtoridad na kinakailangan upang tulungan ang kanilang anak na babae, ang mga magulang ni Kim ay nag-apply sa hukuman upang maging joint committees ng kanyang ari-arian.

Sa paggawa nito, kinilala nila ang pagkuha ng buong responsibilidad para sa mga pananalapi Kim at kinakailangan na panatilihin ang mga talaan at mga detalyadong account ng mga gawaing pinansyal ni Kim.

Subaybayan ng PGT ang kanilang pangangasiwa upang matiyak na sila ay sumusunod sa kanilang mga tungkulin.

Para sa karagdagang impormasyon

Sa **Reports and Publications** page ng PGT website, may makikitang:

- Fact Sheets para sa Private Committees, kabilang ang isa na pinamagatang **Fostering Independence and Decision Making** (Pagtaguyod sa Pagsasarili at sa Paggawa ng Desisyon) na gumagamit ng mga scenario upang ipakita kung paano maitataguyod ng isang pribadong committee ang pagsasarili ng isang taong nasa hustong gulang at ang paglahok nito sa paggawa ng desisyon
- Isang **Private Committee Handbook** para sa mga kaibigan at mga miyembro ng pamilya na na-appoint ng hukuman; higit na ipapaliwanag ng handbook na ito ang papel na ginagampanan ng isang committee. Ito ay nagbibigay ng isang buong pagsusuri ng mga tungkulin ng isang committee, mga kinakailangan sa pag-uulat, at karapatan ng committee para sa kabayaran.

Ang PGT bilang Committee of Estate

Kapag walang kamag-anak o kaibigan na nakahanda at angkop na maging committee ng mga ari-arian ng nasa hustong gulang, ang PGT maaaring gumawa ng hakbang upang ito ay maging Committee of Estate. Ang PGT ay maaaring ma-appoint sa isa sa dalawang paraan:

- maaaring gumawa ng isang application sa hukuman para sa isang kautusan na ang nasa hustong gulang ay walang kakayahang pangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal at mai-appoint ang PGT bilang Committee of Estate
- ang isang itinalagang tao mula sa isang regional health authority o sa provincial health authority ay maaaring mag-issue ng isang sertipiko ng kawalang kakayahan na nagpapahayag na ang nasa hustong gulang ay hindi kayang pamahalaan ang kanyang mga gawaing pinansyal

Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang publikasyon ng PGT **When the Public Guardian and Trustee is Committee**.

Paghamon sa mga pagtasa at muling pagtata sa kawalang kakayahan (Challenging incapability assessments and reassessments)

Minsan ay maaaring hilingin ng nasa hustong gulang na hamunin ang isang pagtata sa kawalang kakayahan. O kaya ang nasa hustong gulang ay pwedeng may kakayahan na sa hinaharap at nangangailangan ng isang muling pagtata sa kawalang kakayahan. Mahalagang malaman ng mga nasa hustong gulang na ang mga opsyong ito ay available. Ang **Committee of Estate** ay maaaring kailangan upang tulungan ang mga nasa hustong gulang na makakuha ng legal na tulong para hamunin ang isang pagtata sa kawalang kakayahan o humiling ng isa pang pagtata sa kawalang kakayahan.

Nomination of a Committee

Ang **nomination of committee** ay isang legal na dokumentong ginawa ng isang nasa hustong gulang na pinirmahan at nasaksihan tulad ng isang testamento.

Ang nomination ay nagpapahintulot sa isang nasa hustong gulang na piliin kung sino ang gusto niyang i-appoint ng hukuman kung sakaling kinakailangan ng isang komite.

Ang isang taong napili ay di obligadong tanggapin ang nomination kaya maaaring talakayin muna ito ng nasa hustong gulang nang mas maaga, kabilang kung saan ito itatago at kung saan maaaring matagpuan sa iba pang mahahalagang papeles.

Kung ang isang committee ay kinakailangan sa hinaharap, ang tao ang magbibigay ng nomination sa abogado kung saan ang isasama ang iba pang mga dokumentong isinumite sa application sa hukuman. Maaaring itago ng abogado ang mga nomination, madalas sa kagustuhan ng nasa hustong gulang.

Maaari ring ipagbigay-alam ng nasa hustong gulang sa PGT na ang nomination ay ginawa na ngunit ang hindi ang PGT ang magtatago ng mga orihinal na nomination.

Ang **nomination of committee** ay maaaring ihanda bilang karagdagan sa isang EPOA o Financial RA7 bilang backup kung sakaling hindi maaaring kumilos ang abogado o kinatawan. Maaari rin itong gawin sa halip ng isang EPOA o Financial RA7. Ang nasa hustong gulang ang magpapasya.

E. Kung Mayroon Kayong mga Pag-aalala Tungkol sa Pang-aabuso, Pagpapabayâ o Sariling Kapabayaan

Kung pinaghihinalaan mong may isang kagyat na panganib sa pisikal na kaligtasan ng isang nasa hustong gulang, tumawag sa 911 - ang emergency number ng pulis.

Kung nag-aalala ka na ang isang nasa hustong gulang ay inaabuso o pinababayaan, o napapabayaang sarili at hindi magawang humingi ng suporta at tulong para sa kanyang sarili, maaari kang gumawa ng isang kompidensyal na ulat sa isang "itinalagang ahensiya".

Ang mga "itinalagang ahensiya" sa BC ay ang limang regional health authorities, Providence Health Care (ilang mga lokasyon sa ospital sa Vancouver) at Community Living BC. Kung ang isang itinalagang ahensiya ay nakatanggap ng ulat, ito ay siyasatin at mag-aalok ng suporta at tulong sa mga nasa hustong gulang, o kung kinakailangan, gagawa ng mga hakbang upang maprotektahan ang mga nasa hustong gulang. Sa ilang mga pangyayari ay maaaring kasangkot ang paggawa ng isang ulat sa pulis. Para sa listahan ng mga **designadong ahensiya**, tingnan ang PGT webpage **Helping an Adult Get Support and Reporting Abuse or Neglect** [Pagtulong sa isang Adult na Makakuha ng Suporta at Pag-report ng Abuso o Pagpapabaya].

Kung nag-aalala ka tungkol sa isang nasa hustong gulang na maaaring wala ng kakayahang mag-isip at hindi na mapangasiwaan ang kanyang mga gawaing pinansyal, maaari kang gumawa ng isang kompidensyal na ulat sa PGT kung mayroong isang partikular, kagyat na pangangailangan at walang ibang angkop na taong may kapangyarihan o handa at magagawang ipagbigay-alam sa awtoridad na kumilos sa ngalan ng nasa hustong gulang.

Kung mayroong mga pag-aalala na ang isang komite, kinatawan o power of attorney ay hindi sumusunod sa kanilang mga tungkulin para sa isang walang kakayahang nasa hustong gulang, pwedeng gumawa ng kompidensyal na ulat sa PGT. Ang PGT ay maaaring siyasatin at tukuyin kung malulutas sa impormal na mga opsyon ang pag-aalala o kung kailangan ng isang **Committee of Estate** para pangasiwaan ang mga gawaing pinansyal ng nasa hustong gulang.

Kung ang assets ng nasa hustong gulang ay nasa kagyat na panganib, ang PGT ay maaaring gumamit ng "emergency powers" nito upang ihinto ang pagbebenta ng ari-arian o ang paglalabas ng pera ng taong nasa hustong gulang mula sa isang institusyong pinansyal.

Para sa karagdagang impormasyon

See the **Public Guardian and Trustee** section in the Helpful Links section at the end of this guide Para sa karagdagang impormasyon on how to make a report to the PGT. Para sa karagdagang impormasyon on Designated agencies and contact information, see the PGT publication - **Protecting Adults from Abuse, Neglect and Self Neglect**.

Helpful Links

Public Guardian and Trustee

Assessment and Investigation Services

<https://www.trustee.bc.ca/services/services-to-adults/Pages/assessment-and-investigation-services.aspx>

Inilalarawan ng pahinang ito ang mga serbisyo ng pagsisiyasat na available sa Public Guardian and Trustee. May kasama ring links sa mga referral forms at mga itinalagang ahensya.

Personal Planning

<http://www.trustee.bc.ca/services/services-to-adults/Pages/personal-planning.aspx>

Ang pahinang ito ay nagbibigay ng links sa ilang mga polyeto ng impormasyon. Ang ilang mga pamagat: **It's Your Choice - Personal Planning Tools, Protecting Adults From Abuse, Neglect and Self Neglect, When the Public Guardian and Trustee is Committee**. Makukuha ang ilan sa iba't ibang wika.

Publications

<http://www.trustee.bc.ca/reports-and-publications/Pages/default.aspx>

Ang pahinang ito ay nagbibigay ng links sa **PGT Private Committee Handbook**, fact sheets, at iba pang mga publikasyon.

Government of BC Abuse of Older Adults Website

Ang Tulong ay Nagsisimula rito: Impormasyon ukol sa Pang-aabuso at Pagpapabay â sa mga Matatanda

<https://www2.gov.bc.ca/assets/gov/law-crime-and-justice/criminal-justice/bc-criminal-justice-system/if-victim/publications/hsh-english-elder-abuse.pdf>

Ang pahinang ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga palatandaan ng pang-aabuso, mga mapagkukunan, at mga hakbang na dapat gawin kapag nag-aalala tungkol sa pang-aabuso ng isang matanda.

Seniors First BC: Pagtugon sa Pang-aabusong Pinansyal

<http://seniorsfirstbc.ca/for-professionals/responding-financial-exploitation/>

Ang pahinang ito ay nagbibigay ng impormasyon upang maiwasan ang pang-aabusong pinansyal, mga scam, at proteksyon ng mamimili. Nagbibigay din ng links sa resources.

Healthlink BC: Pang-aabusong Pinansyal sa mga Matatanda

www.healthlinkbc.ca/healthfiles/hfile93d.stm

Ang pahinang ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pang-aabusong pinansyal sa mga matatanda. Makukuha sa wikang English, Chinese, French, Punjabi, Spanish at Vietnamese. May listahan din ito ng mga mapagkukunan ng mga karagdagang impormasyon.

BC Ministry of Attorney General

Planning Forms

<https://www2.gov.bc.ca/gov/content/health/managing-your-health/incapacity-planning>

Ang pahinang ito ay nagbibigay ng links sa mga pormularyo na maaaring gamitin para sa kasunduang maging kinatawan at pangmatagalan na mga power of attorney. Mayroon din itong links sa mga batas at regulations.

Nidus Personal Planning Resource Centre and Registry

www.nidus.ca

Nag-aalok ang Nidus ng pampublikong edukasyon at impormasyon, at isang voluntary registry para sa mga dokumento ng personal na pagpapalano. Nag-aalok din ito ng mga pormularyo at patnubay para sa paggawa ng mga kasunduang maging kinatawan..

Service Canada Links for Federal Pension trustee

Trustee

<https://catalogue.servicecanada.gc.ca/content/EForms/en/Detail.html?Form=ISP3506CPP>

Physician Certificate

<https://catalogue.servicecanada.gc.ca/content/EForms/en/Detail.html?Form=ISP3505CPP>

Canadian Bar Association

Dial-a-Law scripts and audio

<https://dialalaw.peopleslawschool.ca/category/life/wills-planning-estates/>

Lawyer Referral Service

604.687.3221 o tumawag nang walang bayad sa BC sa 1.800.663.1919

<http://www.accessprobono.ca/lawyer-referral-service>

Makipag-ugnayan sa Public Guardian and Trustee

Assessment and Investigation Services

700–808 West Hastings Street
Vancouver, BC V6C 3L3

LOCAL PHONE **604 660 4507**
TOLL FREE PHONE **1 877 511 4111**
LOCAL FAX **604 660 9479**
TOLL FREE FAX **1 855 660 9479**
EMAIL **AIS-PDS@trustee.bc.ca**

Pagtawag sa Toll-free na numero

Tumawag nang walang bayad sa pamamagitan ng Service BC. Matapos i-dial ang tamang numero para sa iyong lugar (tingnan sa ibaba) humiling na makausap ang Public Guardian and Trustee.

VANCOUVER **604 660 2421**
VICTORIA **250 387 6121**
IBA PANG LUGAR SA BC **1 800 663 7867**
EMAIL **mail@trustee.bc.ca**
WEBSITE **www.trustee.bc.ca**

*Mga oras ng opisina sa PGT, Lunes hanggang Biyernes 8:30am
- 4:30pm.*

Mahalagang talâ:

Ibinibigay ng Public Guardian and Trustee ang impormasyong ito upang ipaliwanag sa inyo ang mga opsyon na magagamit upang matulungan ang adults o mga taong nasa hustong gulang na minamahalaga ninyo na masigurado na ang kanilang mga pinansyal at legal na gawain ay pinangangasiwaan sa pinakamahusay na paraan at ayon sa kanilang values o mga pinahahalagahan at kagustuhan. Ang patnubay na ito ay tumutukoy sa mga legal na pangangailangan ngunit ito ay hindi legal na payo. Ito ay pangkalahatang impormasyon at hindi kapalit ng legal na payo. Kung kailangan ninyo ng legal na payo tungkol sa batas o sa mga opsyon, makipag-ugnayan sa isang abogado o notaryo, o sa inyong local community law office.